This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Ang Bakla sa Azotea**

Copyright © 2026 by Rose Tan
All rights reserved.

Book production by
Whimsical Books Ph
Visit their online store
for printed copies.

Published by Rose Tan
Edited by JC Delos Reyes

First Digital Edition

# ANG Bakla SA AZOTEA



ROSE TAN

# PROLOGUE

BILOG NA bilog ang buwan, kakulay ng mga pahina ng mga lumang aklat… Bakit ko ba nilalaliman ang Tagalog? Dahil bilog ang buwan, ladies and chumenemen. Mala-sepia na naggo-gold ang kulay ng buwan, at sa sobrang liwanag niya, hindi ko masyadong maaninag ang mga bituin sa paligid niya… mga planeta raw, constellation, malay ko ba? Hindi ako isinilang na may pagnanasang alamin ang sikreto ng universe.

Nakakatakot ang mga sikreto. Traumatic. Kaya siguro iyong mga detective sa mga European series sa Netflix, lagi na lang mga alcoholic na mukhang hindi naliligo; ang hirap pa i-dub, sumasakit ang ulo ko sa panonood sa galaw ng bibig nila. The point is, magkakaka-mental and psychological issues pala talaga kung kakaririn mo ang paghahalukay ng mga sikreto ng may sikreto.

Nang malaman ko ang sikreto ni Lola Regina at ng pamilya ko, nangako ako kay beautiful self na never again akong mangingialam sa buhay ng may buhay. Parang it's not worth it. Dahil kapag nalantad na sa iyo ang sikreto, you cannot unsee it.

It will haunt you.

Like it haunts me.

Napapanaginipan ko pa. Kaya nga nandito ako sa azotea sa kalaliman ng gabi. Shokot matulog si accla. Baka mapanaginipan ko na naman ang Lola Regina, hinahabol kaming magkakapatid hanggang mahulog kami sa bangin. Buhay pa kami pagbagsak namin sa batuhan, nabali lang ang braso ko pero hinaltak ni Maying, umayos na uli. Nagkumahog kaming maghanap ng mapapagtaguan dahil mga pulis na ang humahabol sa amin, kasama si Mama, itinuturo kami. "Sila ang mga anak ng lagim!"

Shieeeet!

Damang-dama ko, in my dream, kung ano ang feeling ng children of the damned. Walang pupuntahan.

Pinagkakaisahan. Tinutugis na parang mga aswang sa Regal Films. Nagsusumigaw ako sa pagpapaliwanag, sa pagtatanggol sa aming karapatan pero walang lumalabas na boses sa lalamunan ko.

At some point in my dream, kinailangan ko pang jumingle bells pero anak ng kaputa-putahan, wala akong tsinelas! Walaaa! Sa kakahanap ko ng tsinelas, napasuot kami sa madilim na kuweba. Ayokong pumasok pero itinulak ako ni Maying.

Nakita ko si Darna. Pero wala si Ding.

Nasa loob ng nagbabagang pugon sina Hansel at Gretel.

Nawala si Darna. Si Valentina na ang naroroon.

Nagising ako na hinahanap si Darna.

"Nasaan si Darna? Ibalik mo si Darna…"

Ngayon, tinatanong ko sa buwan, babalik pa ba si Darna?

Kung naguguluhan ka sa panaginip ko, ako ay hindi. Malinaw na malinaw sa akin ang meaning. Hindi ko tinupad ang pangako ko kay beautiful self.

Inilantad ko ang misteryo.

Mabuti pa ay simulan ko na ang kuwento. Dito mismo.

Sa azotea.

# CHAPTER 1

GUMISING akong birhen. *Pucha*. Ako yata talaga ang tagabayad ng mga kasalanan ng magulang ko. Sins of the fathers and of the mothers shall be paid for by their prettiest virgin children. Sa pamilya ko, ako ang pinakamaganda. Ako na lang din ang virgin.

My name is Mauricio Pintakasi, Mauie for short. I'm so gay and gay. Sa edad na nineteen, ako ay virgin pa rin. *Juskoh*. Gusto ko nang mag-donate ng punla sa sperm bank ma-devirginized

lang. Gustong-gusto ko nang madiskubre kung ako ay top o bottom. Which would I prefer? Sino ako sa kamunduhan?

Well, for starters, incoming college freshman aketch. Last year, I graduated with high honors from St. Benedict Integrated School. Kalookalike ko raw si Cilian Murphy. Itanong n'yo pa kay Gwyneth, my BFF. She said I have dead eyes like the actor.

Whatever.

I have dead eyes because I'm still a virgin.

Kinuha ko ang cell phone sa ilalim ng unan ko.

8:34 AM

I opened my socials. Status update ni Madonnay ang bumulaga sa newsfeed

ko. Picture niyang kumakain ng rambutan, may pagkahaba-habang sanaysay. Hindi ko na binasa pero pinusuan ko. Laloves ko si Madonnay. Kaya nagpunta muna ako sa e-wallet app. Express send. I typed Madonnay's number.

Hiningian ako ng authentication chenes. Antayin ko raw ang text.

Ano'ng drama na naman ito? Agang-aga... At napansin ko ang naghihingalong power ng cell phone ko. Hindi na-charge?! Magdamag namang nakasaksak. Sinundan ko ng tingin ang kurdon ng charger hanggang sa saksakan sa bandang ibaba ng uluhan ng kama ko.

Maluwag.

Virgin din *ampotah*.

All rights reserved.

Isinaksak ko nang ubod diin ang charger. May spark at popping effect. *Keri lang*. Iniwan ko muna sa sahig ang cell phone.

“Maying!” kalampag ko sa kuwarto si sister dear. Marietta ang totoo niyang pangalan. Siya ay nagtapos ng medisinang pangkahayupan sa unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños. Kasalukuyan siyang pakuya-kuyakoy lamang dahil imbes na magbukas ng veterinary clinic bilang lisensiyado na siyang doktor ng mga animal, ang gusto niya ay pumunta sa Dubai at doon makipagsapalaran. Hindi pa namin siya pinapayagan kaya siya raw ay rat person muna. Magpupuyat, matutulog hanggang gusto, paggising, lalamon, `tapos hihiga na uli, magma-marathon

 All rights reserved. 

ng kung anu-ano. Lalamon, matutulog, repeat. Everyday. Ang pagkakaiba lang ni Maying sa real deal rat person, kayang gumala ni Maying kapag may lalandiin. Always KFC si Maying. Kung ako ay shoke, siya ay shibuli. “NBI! Open the door!” sigaw ko pa.

Bumukas naman ang pinto. Bumungad si Maying na nakasando na pang-kuya kaya litaw ang boobs, left and right and up. Nakaitim na boyleg. Dead din ang eyes, pero madaming muta.

“Ingay mo, bakla,” sabi.

“Peram phone mo, may sesendan lang akong cash.” Isinahod ko ang kamay ko.

“ECash ko ang ise-send mo?”

“Isesend ko sa `yo `pag okay na phone

ko." Ayokong i-delay even for a few hours ang ayuda ni Madonnay.

"Sino padadalhan mo?" Hinagod ni Maying ang bago niyang hairstyle. Mukang tanga ang shibuli. Naisipang magpa-mullet. Ahit ang both sides, layered sa likod, maiksi ang bangs. Mukhang tanga.

"Si Madonnay," sagot ko.

"Na naman? Tinalo mo pa ang 4ps, bakla!" sabi, sabay tanggal ng muta. "Ano ka, gobyerno?"

"Two thousand lang naman, makaangal ka d'yan. At saka babayaran kita after two hours." Ayaw mag-function ng mga app sa phone ko kapag low batt. Diva ang android ko, at hindi fast charging.

"Bat di ka na lang mag-antay ng

All rights reserved.

dalawang oras, ginising mo pa ako?"

"I miss you," sabi ko.

"Ayoko!" singhal sa akin. "Tigilan mo na `yang kawang-gawa mo, inaabuso ka na ng mga `yan."

"Hindi, ah!" tanggi ko. "Hindi ganun si Madonnay, kilala mo naman `yon. Kung makapagsalita ka d'yan, parang hindi ka galing sa hirap."

"So, kasalanan ko na mahirap sila? Kaya obligasyon ko na padalhan sila ng pera?"

Shookt ako sa attitude ni Maying. "When did you become such a bitch?"

Binagsakan ako ng pinto sa pagmumukha.

Bumaba ako sa marangya naming hagdan. Pina-laminate ng Mama ang mga baitang at balustre, pagkakinang!

Hindi ka puwedeng magmadali, nakakashegi. Mahigpit ang kapit ko sa handrail habang bumababa.

Kuwarto ni Kuya ang kinalampag ko.

Hindi rat ferson ang Kuya. Bumukas agad ang pinto. Ang luwang ng ngiti. Guwapong-guwapo ang kuya ko. Hindi dead ang eyes niya. Buhay na buhay, kumikinang. Sumasabay sa ngiti ng labi.

"Good morning sister-brother," bati sa akin, may kasamang hug. Bihis na ang kuya. Slacks, polo na naka-tuck-in, leather shoes na katerno ng belt. Muy simpatico si Kuya Micasio. Mabangong-mabango.

"Peram cell phone mo." At inulit ko ang why is the because.

"Kumusta na si Maddonay?" tanong

niya, ibinigay sa akin ang cell phone niya. Just like that. Very kind and very loving ang kuya kong pogi.

"Hindi pa okay, paralyzed pa ang left side niya. Hindi siya makapaggupit," sumbong ko.

"Three k ang ipadala mo, one k from me."

"Buti ka pa," sabi ko. "Si Maying, ang damot."

"May sumpong lang `yon."

"Lagi na lang may sumpong," maktol ko. *Tinype* ko ang number ni Madonnay. Ilang saglit lang at, *sent*. "Thanks, Kuya. You're the best always and forever..." May nag-pop na message notification sa screen ng cell phone. Kahit maliit lang ang bilog na notif, kilala ko ang profile. "Jamaica?!" bulalas ko kay Kuya.

All rights reserved.

"Jamaica Rose? My friend?"

"In-add ako, tinanggap ko, de friends na kami. Nag-chat kami, nagkita kami, we'll see." May kibit ng balikat na sabi ng kuya na parang wala lang iyon. No big deal.

"Kuya? Ka-batch ko `yon, kaka-graduate lang ng high school—"

"She's eighteen, almost nineteen."

"Kahit na, Kuya! Pabata nang pabata ang jinojowa mo, pedo ka ba?"

"Ano ka ba? OA mo, `no?" Nag-try si Kuya na tapikin ang ulo ko.

Pinalis ko ang kamay niya. "Hindi ako OA. Kinakabahan ako, Kuya, baka mamaya nakademanda ka na ng sexual harassment, statutory rape—"

"Ako?" Itinuro ng Kuya ang sarili niya. "Never. Kung anu-ano ang naiisip

mo, `no?"

"Seryoso ako, Kuya. Lahat ba ng babae na magchat sa `yo, kailangan i-entertain? Kahit kasing-edad ko lang? Ano pala talaga ang pamilyang `to? Makasalanan! Tama ang Lola, mga anak tayo ng lagim!"

May sumigaw. "Mauricio!"

Si Mama. Galit. Dinuro niya ako. "Nakatira ka sa pamamahay ko, pera ko ang ginagastos mo, pinapakain kita, dinadamitan, hindi mo man lang magawang gumalang?"

Hindi ako makaisip ng clapback.

Nagpatuloy siya. "Pagod na ako, Mauricio. Pagod na akong humingi ng tawad sa `yo, pagod na akong isiping kasalanan ang pagmamahal ko sa papa n'yo! Kung talagang mali sa paningin

mo, de sige! Pero hinding-hindi ko pagsisisihan na minahal ko ang papa n'yo! Hinding-hindi ko pagsisisihan na ipinanganak ko kayo!"

Sabay walk out ang Mama, lumalagitik ang takong sa sahig dahil naka-corporate chic attire na siya. Mustard-yellow na shorts at katernong jacket. My mother never looked so fabulous, I must admit. I also missed her… I missed the way we used to be. Pero hindi ko alam kung paano ko ibabalik ang dati naming samahan.

Galit pa ba ako? Hindi ko sure. Ang alam ko lang, ang hirap tumira sa pamamahay niya dahil pareho kami na hindi alam kung paano tatratuhin ang isa't isa. Kaya ang nangyayari, umiiwas na lang ako. Pero hindi talaga

maiiwasan na magkakabangga kami dahil nasa isang bubong kami.

Mahirap. Pero mas mahirap makitira sa mga kaibigan. Lalo na kung hikahos ang mga kaibigan, kagaya ni Madonnay.

One week after my high school graduation, naglayas ako. Hindi ko na kinaya na hindi kami nag-iimikan ng Mama. Grabe ang confusion ko. Hindi ko na alam kung kanino ako mas galit, kay mama ba o sa sarili ko? Kasi ang bait ng mama ko. Best mother in the world siya. Hindi ko maintindihan kung bakit nasusuklam ako at nandidiri sa nalaman kong sikreto ng pamilya namin. Wala na ang Papa. Sino ang sisisihin ko kung hindi ang Pama? Pero pakiramdam ko unfair iyon. Pakiramdam ko rin, may karapatan

 All rights reserved. 

talaga akong masuklam… Bakit hindi ako kaparis ng Kuya at ni Maying? Bale-wala na lang sa kanila. Tinanggap nila ang katotohanan. Wala silang issue kay Mama.

Bakit ako meron? Dahil din kay Tonito. I really, really liked him. Turned out, we were cousins… maybe half-cousins. Yes, there was such a thing kung si Genghis Khan ang lolo mo, na lahat na lang binuntis, juskoh. Hindi man namin pinag-usapan ni Tonito, may mutual understanding kami na lumayo sa isa't isa. Nakakadiri kasing isipin na muntik na kaming… Oh, MG.

Sobrang sakit. Mas okay pa siguro kung nagtaksil na lang si Tonito. At least, puwede ko pa siyang isipin at

pantasyahin like a regular sawi. Kaso nasawi ang love life ko dahil sa nakakahilakbot na katotohanan. I could not even allow myself to reminisce the good times with Tonito.

Depressing. At sobrang restless ang pakiramdam ko noon kaya nag-decide akong lumayas. Bumalik ako sa lugar namin noon sa Caloocan, nakitira ako kina Madonnay. May-edad na parlorista si Madonnay. Sa itaas ng parlor siya nakatira kasama ang isa pang parloristang bakla, si Kenny. Walang tanong-tanong, tinanggap ako ni Madonnay. Tagawalis ako ng mga buhok sa parlor at kapag walang customer, tinuturuan ako ni Madonnay maggupit ng buhok.

Nang maubos ang baon kong cash,

 All rights reserved. 

okay lang kay Madonnay. Ipinagluluto pa ako o kaya ibinibili ako ng pagkain sa karinderya. Nag-attempt ako maghanap ng online jobs, ang hirap naman dahil walang Internet si Madonnay, nakiki-wifi lang sa kapitbahay, pawala-wala. Nag-apply ako sa call center. Natanggap ako, agad-agad. Tuwang-tuwa si accla. Magiging financially independent na ako, makakaambag na ako sa lipunan nina Madonnay. Isinalang ako sa training.

Biglang na-stroke si Madonnay. Wala siyang pamilya na nasa malapit lang. Mga nasa Mindanao pa raw at wala naman nang pakialam sa kanya noon pa. Si Kenny, nasa Batangas noon, mag-aayos sa kasalan. Dinedma ko ang training ko, sinamahan ko sa ospital si

Madonnay. Ako rin ang nag-asikaso ng mga PhilHealth chenes. Hindi naman kailangan operahan pero halos three weeks sa ospital ang bakla, waley na anda.

Hindi siya makalabas ng ospital sa laki ng bill.

No choice ang accla, tumawag na ako sa Kuya at kay Maying, sinabi ko ang problema. Nagpunta sila sa ospital. Si Kuya ang nag-settle ng mga bayarin, bayaran ko daw siya `pag na-access ko na ang trust fund ko, which is, sa edad na twenty-one.

Another kondisyon: Umuwi na raw ako dahil hindi ko naman daw kaanu-ano si Tonito.

I was like, “Huwhaaat?”

Kung gusto ko raw ng plot twist, uwi.

All rights reserved.

De umuwi.

Bilang si Kuya ang tumatayong padre de familia namin, he took it upon himself na asikasuhin ang mga legalities ng aming unusual relationship with the Medels—family ni Tonito. Kailangan ba silang hatian sa kayamanan, mga ganern. Siyempre, kailangan ng mga documents na magpapatotoong yes, we were related.

Sa birth cert ni Tonito nagka-issue. Hindi si Tita Glenda ang nakatala at nakapirma sa mother. `Tapos, ang father, unknown.

*Hala siya!*

Tinanong ng Kuya ang mama ni Tonito siyempre. Umamin naman daw, ampon niya si Tonito. Iniwan sa kanya ng pariwarang friend. Sabi daw,

All rights reserved.

babalikan, magtatrabaho lang sa Hong Kong. Tuwa ni Tita G, makakatanggap siya ng remittance monthly. Hindi naman daw nangyari.  Still, hindi inampon ni Tita si Tonito officially dahil baka raw biglang bumalik ang pariwarang friend. Wala namang time si Tita na hanapin iyon. Inalagaan na lang si Tonito hanggang parang anak na ang turing.

Sobrang saya ko nang malaman ko. Hindi bale nang ibinaon na ako ni Tonito sa limot. Unread ang mga chat ko. Hindi ko na lang tinawagan, nahiya na ako. At siguro, pina-process pa niya ang pagiging ampon. Okay lang hindi niya ako kausapin. Ang importante, puwede ko na siyang pantasyahin. Hindi pala bawal. Hindi pala kadiri.

 All rights reserved. 

At na-realize ko, mas masarap pa rin sa poder at pamamahay ng Mama kaysa sa parlor ni Madonnay. Sa bahay kasi ng Mama, madaming lafang, kumpleto sa lahat ng kailangan. Mahirap talagang maging mahirap. Kung depressed ako, mas mainam nang ma-depress sa kuwartong may AC.

Hindi ko pala kayang maging purita. Sorry. Ang ipokrita lang kung sasabihin ko na hindi ko kailangan ang pera ng Mama. Kailangan ko.

Ang kagandahan lang sa pagtira ko kina Madonnay, nakita ko talaga ang mukha ng kahirapan. Hindi ko na kayang maging madamot sa kanila. Hindi ako santa, hindi ako mabait kadalasan, pero sa mga kagaya ni Madonnay, sobrang bait ko. Nagtitipid

ako ng allowance ko para may maipadala ako kay Madonnay regularly. Sa mayayaman, bale-wala ang two K, baryang-barya. Para kina Madonnay, life saver iyon. Puwedeng pambayad ng bills, puwedeng pambili ng pagkain, puwedeng pambili ng gamot, puwedeng pambayad sa boylet, whatever. Wala akong paki kung gastusin ni Madonnay sa kaligayahan ang pera ko. I want Madonnay to be happy and comfortable.

*Call me Charity. Chos!*

"O, ano?" untag ng Kuya sa akin, pang-asar ang ngisi.

Inismiran ko siya. Nagmartsa ako papunta sa back door, `tapos umakyat ako sa newly installed na azotea. Naisipan ng Mama na palagyan ng

All rights reserved.

extension sa likod, maluwang na terrace, `tapos ang ibaba, parang lanai na may dining table, ganern. Doon nagdadaos ng informal meetings ang Mama.

Naging paborito ko namang tambayan ang azotea. Lakas maka-Maria Clara. Tanaw na tanaw ko doon ang skyline ng Heredia. Pumuwesto na ako sa recliner na may payong para magmuni-muni. Rat person na rin yata ako. Dapat nasa university of my choice na ako ngayon, pero dahil sa paglalayas ko, hindi ko naasikaso ang college. Sa kasunod na semester pa ako tutuntong sa kolehiyo. A month from now, more or less.

Naalala ko na mas masarap magmuni-muni kung may hinihigop at

nginunguya. Tumayo uli ako. Sa lahat ng yayamanin, kami ang walang alipin. Kasi malalaki na raw kami, walang rason para kumuha pa ng chimay.

Kaya, “Mauricio, pengeng kape at pancit canton.”

I turn to the left. “Opo, Senorita Mauie. Masusunod po. Ano pong flavor ng canton?”

I turn to the right. “Maski ano, basta may itlog. Bilisan mo, `wag kang babakla-bakla d’yan.”

I turn to the left, and see the smoke. Sa dako pa roon ng skyline pigeon, may makapal na usok, maitim…

“Sunog?” Kumandirit na ako sa pasimano, kandatiyad sa pagdungaw. Flexing my fabulous ankles, of course. *Hmm*, *let’s see*… hindi ako compass kaya

hindi ko alam ang North, South, East, and West. Left and right lang ang alam ko. Kaya, to my right, I could make tanaw coconut trees in the foreground. Sa likod nila nagmumula ang makapal na usok. Ergo, hindi iyong niyugan ang nasusunog, which, by the highway, belonged to my family.

*Okay, my inheritance. Safe.*

Pero ano nga ba ang nasa dako pa roon ng niyugan? Na-memory gap ako. Ang itim na kasi ng usok at parang nalalanghap ko na. Ang alam ko, may building doon—

"Bakla!" Humangos si Maying sa tabi ko. "Ang school mo, nasusunog!" Hawak niya ang cell phone, kakalog-kalog ang dedeng salamat kay Bathala ay maliit, pero hindi hadlang ang size

para dumungaw ang utong at makiusyuso. Sa left armhole ng sandong pangkuya nakadungaw.

I cringe at the sight. Pero dati naman, maski pekpek pa ni Maying ang dumungaw sa harap ko, walang issue. Kataasan ay belatan ko din. But now, it felt weird.

"Ano ba `yan, Maying, ang dede mo!" Kadiri talaga.

"School mo, nasusunog!" Ni hindi niya inayos ang sando.

"St. Benedict?" sabi ko na lang, tinanaw ko uli ang usok. Oo nga. St. Benedict nga ang nasa ibayo ng niyugan.

"Sa gym daw, marami daw tao gawa may event," siete pa ni Maying.

"Ano'ng event?" Binuksan ko ang

memory bank ko. It was September. Ano ba ang chenes ng St. Benedict kapag September? Parang wala naman... Oh, shoot, intrams! Nagtatakbo ako pababa sa hagdan, papasok sa bahay, paakyat uli sa hagdan—may mali sa engineering ng mama... Pa-slide kong dinagit sa sahig ang cell phone kong naka-charge. 23% pa lang *ampotah*. 20% nang iwan ko kanina. Ang bagaaaal. Hindi naman ako makahirit ng bagong cell phone dahil may utang pa ako kina Kuya at Maying. Lalong hindi ko keri magpabili kay Mama. Kung wala sana akong sinusuportahang stroke victim... Itigil ko na kaya ang sustento? Hindi kaya ng konsiyensya ko. Cell phone lang ang problema ko, si Madonnay,

nangangailangan pa ng tagapunas ng laway.

Dagsa ang notifications ko from Meta, re: SUNOG SA ST. BENEDICT. I tapped the messaging app. Hindi magkamayaw ang GC namin nina Gwyneth. Nangunguna pa ang hitad na mag-report ng sunog samantalang wala siya dito sa Heredia. Nasa Dasma, dahil nag-aaral ng premed sa De La Salle. Nag-reply ako sa kanya, *Bakla, umuwi ka ba*?

No reply. Backread pa more. From Jamaica: *Some people are trapped in the gym. They can't open the door!*

Nag-reply ako doon: *May pinto ang gym*?

Napaisip na rin ako. Oo nga, may pinto ang gym. Mga pinto. Iyong entrance mismo na hindi ko naman

nakikitang nakasara. Karinderyang bukas iyon ever. Paanong hindi makalabas ang mga tao? Sa magkabilang side naman ng bleachers, may pintuan din. Same thing sa sides ng stage.

Reply ni Jamaica'ng talande: *Wala ba*?

May nag-send ng floorplan ng gym, si Carla Melissa.

*Creepy*, reply ko doon. Imagine, may nagmamasid at nakikinig sa usapan n'yo? `Tapos biglang magmamagaling. In-enlarge ko ang floorplan. Narinig ko ang langitngit ng gate namin. Para akong bola na tumalbog papunta sa bintana.

"Kuyaaaa!" sigaw ko. "Wait! Wait!" Naka-boyleg din akong gaya ni Maying, but mine was yellow, `tapos may tiny

 All rights reserved. 

ribbon sa front. Nagsuot ako ng loose chinos, dumagit ako ng T-shirt sa cabinet, nagtatakbo uli ako pababa sa hagdan, kamuntik na akong umi-slide. Maling-mali talaga ang aesthetics ng Mama sa pamamahay niya. Isinuot ko ang Ugg slippers na pasalubong ni Gwyneth from Australia noong… kailan ba? Basta. Wala na akong pang-itaas nang lumapit ako sa kotse ng Kuya. Isinuot ko ang dinagit kong T-shirt pagkaupo ko. “Nasusunog ang St. Benedict, titingnan ko,” sabi ko.

“Makakatulong ka?” Pinaandar niya ang kotse.

“Moral support,” sagot ko.

Pagbungad namin sa main road, nakahinto ang traffic, dumadaan ang truck ng bumbero. Ang matindi, mas

 All rights reserved. 

malakas pa ang busina ng ibang motorista kaysa sa wangwang ng fire truck. Parang mga timang.

"Nagagalit sila sa bumbero?" sabi ko kay Kuya.

"Baka moral support." Sumuntok pa siya sa hangin. "Go, go, go!"

"Doesn't sound like," sabi ko. Nagpalinga-linga ako sa kotseng makalat. May mga brochure, sample ng mga shampoo ng doggos , pinagkainan… may nakita akong bottled water sa sahig. "Hindi pa `ko nagmumumog, pala."

"Wag ka dudura d'yan!" angal ng balahura. "Sa sunog mo na `yan idura."

# CHAPTER 2

DALAWANG kanto pa bago ang St. Benedict, pinababa na ako ng Kuya. Yu-U-turn na raw siya at maghahanap ng ibang daan palabas ng bayan. Nakahara sa kalsada ang mga kagaya kong magbibigay ng moral support. Ang iba, may mga dalang balde ng tubig. Basang-basa ang kalsada.

“Wala akong pera, Kuya,” hirit ko bago ako bumaba.

Hinila niya ang maliit na drawer ng mga barya—old model ang company car

 All rights reserved. 

na pagamit ng Mama sa kanya. Sa family business na nagtatrabaho ang Kuya bilang ahente, ano pa? Sa boladas kasi pinagpala ang kuya ko.

Dinakma ko ang mga barya, nag-flying kiss ako kay Kuya.

Nagkandirit na ako sa wet asphalt, kalansingan ang barya sa bulsa ko, *shieeet*, nabasa ang Ugg.

"Bakit kayo naghahakot ng tubig, Manong? Wala pa bang bumbero?" sabi ko sa manong na may dala ng baldeng lumigwak sa tsinelas ko.

"Naubusan na sila ng tubig."

"Ho?!"

"Malaki ang sunog."

"May mga na-trap daw po, bakit po, sarado ang pinto?" `kako.

Dinedma ako ni Manong,

nagmadaling maglakad.

“Koya!” sigaw ko sa kanya. “Bago ka makarating dun, ubos na tubig mo.” Lumigwak na sa tsinelas ko ang kalahati yata, at sa pagmamadali niya, patapon-tapon pa rin ang laman ng balde. “Kausapin mo na lang ako, Kuya.”

Determinado sa kanyang vision-mission si Koya, hindi ako pinansin.

Isang ale ang nagsalita sa tabi ko. “Sa entrance daw nagsimula ang apoy, naharangan ang mga tao. Ang iba raw pinto, nakakandado.”

“Ho?”

Tumango ang aleng punong-puno ng moral support sa kapwa. Nasa sixty-han na siguro ang edad, mejo jubis, nakadaster. Litaw sa balikat ang off-white na bra, at sa kilikili ng daster,

litaw ang gilid ng bra. Pilipit pa! Mukhang nagmadaling mag-bra para makapagbigay ng moral support.

"Eh, di sinadya po ang sunog," sabi ko pa.

"Mukhang ganun nga."

"May ano po ba sa gym ngayon?" urirat ko pa.

"Katatapos lang ng intrams, may thanksgiving mass daw sabi ng apo ko. D'yan `yon napasok, buti na laang at Sabado, kakaunti ang estudyante."

"Nagmimisa no'ng magkasunog?"

"Oo raw. Mga magulang at teacher ang nandoon. Buti na laang at hindi um-attend ang anak ko. May seminar din yata pagkatapos ng misa, tungkol daw sa social media at bullying."

"Ah," tango ko. Oo nga, may mga

ganoong events sa St. Benedict. Symposium tungkol sa kung anu-ano. Last year, tanda ko ang topic ay mental health. Hindi naman um-attend ang Mama, busy sa career. “Mga ilan daw po ang attendees?”

“Aba, nasa tatlumpo katao daw. Kasama na ang mga teacher.”

“Naku naman… Sa St. Benedict din po ako graduate ng high school.”

“Ah, ay saan ka napasok ngayon? Ano’ng course mo?”

“Sa DLSU po, Dasma,” I lied, but not quite. Doon naman talaga ako nag-eenrol, kinukumpleto ko pa ang requirements pero pasado na ako sa exam. Ang plano ay magsasama kami ni Gwyneth sa isang bubong.

“Tagasaan ka? Ano’ng pangalan mo?”

"Mauricio po. Mauie na lang. Pintakasi. Pitarde po ang mama ko noong dalaga."

"Pitarde… Ano ka ni Mam Regina?"

"Lola ko po siya." RIP, Lola.

"Ah, de anak ka ni Ernestine?"

Tumango ako. "Opo. Kilala n'yo po ang Mama?" Medyo kabado ako. Baka may nalalaman din sa pamilya namin ang aleng ito.

"Hindi masyado, ahead ako sa kanila. `Yong sister ko yata ang ka-batch, d'yan din sa St. Benedict."

"Ano po name n'yo?" tanong ko, para siya ang pag-uusapan namin, hindi ako at pamilya ko.

"Tessie Lirio. Montesa ako noong dalaga. Itanong mo sa mama mo kung may kilalang Agnes Montesa, kapatid

ko `yon."

"Opo. Saan po kayo dito nakatira?" Wala akong balak ibalik sa akin ang topic.

"D'yan lang," Nagtuturo si Manang. "`Yang green na gate, may paupahan kami d'yan."

"Ah, okay po, Ma'am Tessie."

"Kaguwapo mo, Utoy. Sayang na sayang ka," hirit ni Madam.

"Opo nga," tango ko. "Na-late po kasi akong magpalista sa Miss Universe kaya hindi ako nakasali. Next year po, sure na." I flip my wolf hair. Kinulayan ni Madonnay noong summer breeze ng "copper spice." Juskoh, nanigas. Galing sa bansa ng mga singkit ang pangkulay, buti buhay pa ako. Ayun, pina-layer-layer ko. Humahaba na kaya naging

wolf cut, `tapos litaw na ang roots. Chaka.

Clueless ang hitsura ni Madam Tessie.

Nagpaalam na ako. "Una na po ako." Titingnan ko kung may ano sa mas malapit sa school. Mas marami ang utaw, hindi masaway ng kapulisan sa paglapit sa danger zone. Kanya-kanyang kuha ng video. Nakapuslit ako papunta sa driveway ng building na katabi ng St Benedict, matayog na firewall lang ang pagitan. May guardia civil sa gate pero busy sa kumpol ng manong at manang. Gigil na nagpapakilala ang isang manong na kapitan daw siya ng isang barangay. Kutob ko, ang mga kasama niya ay nag-aalalang family members or relatives ng isa sa empleyado ng school.

Parking area ng five-storey building ang mabubungaran sa gate. Ang building mismo ay nasa gilid ng property at nakaharap sa firewall. Nakapasok ako pero hindi ko malaman kung saan ako susuling. Pader lang ang nakikita ko sa right. Sa left, may mga tao sa building. Nakadungaw sa corridor ng bawat palapag. Doon ako dapat makapuslit pero may guardia civil din.

Pasimple akong lumapit sa entrance, like I belong. Kapag sinita ako ng guwardiya, sasabihin ko, may kasama ako sa loob, nagpapasundo or whatever. May plake ng mga offices sa building sa tabi ng entrance. Let's see... dentist, lending corp ,real estate, notary public...

"Mauie! Hoy!"

# CHAPTER 3

I LOOKED around.

"Jamaica?" Nasa entrance ng building ang talande, hawak ang iPhone, kanda-video ng mga kaganapan. She wanted to be the next Kara David, Journalism ang kinukuhang course sa Uste.

"Halika dito!"

Say no more. Lumapit agad ako sa kanya. Nakatingin lang kay Jamaica ang guardia civil. Hindi ko masisi si Koya. Tall and tan and very lovely ang

lukang Jamaica. Hindi ko rin masisi ang kuya ko kung bakit hindi na-resist ang hitad. Juskoh, walang hanggan ang legs na maganda ang hugis. Ang kutis naman, kayumanggi na pagkakinis-kinis. Walang pores ang gaga. Pero pustahan, noong maliit pa siya, mukhang tagaaplaya na walang mahuling isda dahil inagaw na ng mga intsik ang mga gg.

Ngunit ngayon, ang ganda ng tindig, ang ganda ng balakang dahil ang liit ng baywang. Gusto ko nang sabitan ng sash at suotan ng korona. Naka-shorts na high-waist, naka-tuck-in doon ang white T-shirt, vintage ang Tretorn, nakalugay ang shoulder length na buhok, very shiny, very full of body.

Bineso ko ang talande. “Bakla, ano’t

gumagawa ka ng sunog sa kuya ko, ha?"

Tumawa ang talande. "Ayaw mo `kong maging sister-in-law?"

"Ayaw! Gaga ka ba? Ang daming babae no'n!"

"Balita ko nga."

"So?"

"I don't care, maganda ako."

I wished I have her confidence level.

Hinaltak niya ako papasok sa building. May ilang sangkatauhan sa lobby. Mga reporter daw, local at national.

"Dun tayo sa itaas, i-video mo ako," sabi ng talande, hinaltak uli ako papunta sa hagdan. Pagdating namin sa second floor, hinaltak ako papunta sa balcony, at natulaley ako. Kitang-kita ko doon ang nag-aapoy na gymnasium

ng aming alma mater. Ramdam ko rin sa mukha ko ang init na galing sa apoy. Tingin ko, wala nang natitira sa gym kung hindi mga pader at bakal. Bumagsak na ang isang bahagi ng bubong dahil siguro sa impact ng tubig mula sa hose ng mga bumbero. Pero malaki pa ang apoy, nagbabaga ang mga yero at bakal.

Biglang isinalpak ni Jamaica sa akin ang iPhone, nagsuot ng clip mic, iwinasiwas ang bouncy hair, at, "Ready? Three, two, one! I am Jamaica Rose and I am here to report on the fire that is currently blazing—"

"Blazing?" sabad ko.

"Ano ba dapat?"

Ano nga ba? Blazing naman talaga ang apoy sa background, but somehow,

the word felt wrong for a news report. "Ewan. Basta, sige na, `tuloy mo na," `kako na lang.

Itinuloy ni Jamaica ang report. As of 9:15 AM daw, kumpirmado na kung sino-sino ang mga nakaligtas at nailigtas. Dinala na raw ang mga iyon sa pinakamalapit na ospital para i-treat sa smoke inhalation, minor cuts, bruises. May nakaantabay na rin daw na mga counselor para sa mental health ng survivors.

"Paano sila nakaligtas, bakla? Sarado raw ang mga exit," sabad ko uli sa report.

"Binasag daw nila ang bintana sa CR, lumusot sila doon."

Unfortunately daw, may mga naiwan pa sa nasusunog na gymnasium. Anim

na katao pa ang unaccounted for.

"From the list I gathered, unaccounted for pa si Miriam Antiporda, a teacher here in St. Benedict, there's also a couple, Mr. and Mrs. Caviteno, Mr. Victor Honrade, Mrs. Harlene Tresvalles, and Princess Kyla Bihag—"

"Kyla?!" bulalas ko.

Tumango si Jamaica. In-off ko ang video. "Sure ka, nasa loob si Kyla?" Kaklase namin si Princess Kyla. Iba ang tropa niya, hindi namin nakakasama sa mga gimik, pero nakakausap ko, nakokopyahan ko pa ng assignment. Mukhang seryoso sa buhay dahil siguro sundalo raw ang ama, mataas ang rango.

"Kasama siya dito sa list," sabi ni

Jamaica.

"Saan galing ang list mo?"

"Dun sa videographer." Sumenyas pa ng "sshh" si Jamaica. Gets ko na. Nilandi-landi niya ang guy kaya binigay sa kanya ang list.

"Bakit nasa gym si Kyla?" tanong ko.

"Hindi ko pa alam."

"Alamin mo, shit! Kawawa naman si Kyla... Oh, my God..."

"Imposible raw na buhay pa `yong mga naiwan sabi ng mga bumbero," sabi ni Jamaica. "Sa usok pa lang daw siguro, nawalan na sila ng malay, kaya siguro hindi na sila nakalabas."

"Shit, naman..." Nag-walling ako sa haligi ng terrace. "Paano ba raw nagsimula ang apoy? Bakit? May sumabog ba?"

"Sabi daw ng mga nakaligtas, biglang may apoy na sa entrance, kasunod sa bleachers. Nagtakbuhan sila sa side exits, naka-lock daw. Sa banyo sila tumakbo, buti kasya naman ang tao sa bintana, nagtulong-tulong daw sila. Two sets naman ang banyo sa gym, bale apat na grupo silang nagtulungang makalusot sa bintana."

"Arson talaga? Someone deliberately set the gym on fire? Knowing na may mga tao doon?" Hindi ko mapaniwalaan na may taong gagawa ng ganoon. Yes, hirap akong maniwala kahit napanood ko na lahat ang docu series ni Netflix tungkol sa mga ganoong tao... mga kriminal.

Hindi ko mapaniwalaan because, it hits close to home. Posible pang kaklase

ko ang isa sa mga biktima.

"Ang narinig ko, disgruntled student daw. Hindi naka-graduate." Nagkibit balikat si Jamaica.

"Hindi ka kumbinsido," sabi ko. "Ako rin. Magagawa ba ng estudyante `yang ganyang kalaking perwisyo? Kataasan, tumawag `yon at magpasabog ng bomb threat. At saka, hindi ganoon ang mga estudyante ng St. Benedict, `di ba?"

Traditional school ang alma mater namin, traditional din ang values. Black is black. White is white. Kung nanapak ka ng classmate, salbahe ka, hindi "may pinagdadaanan lang." Sa isang taon kong pag-aaral sa St. Benedict, wala akong nasaksihan na sapakan. Sa pinanggalingan kong public high school, OMG, regular occurrence ang

sapakan, sampalan, sigawan, maski during classes. Normal occurence din doon ang mga estudyanteng sumasagot-sagot nang pabalang sa mga teacher, nagbabanta pa. Akala ko tuloy noon, normal ang ganoon.

Sa St. Benedict, walang ganoon. Nagulat ako na may natututuhan talaga ako. Hindi ako distracted sa awayan ng mga school gang, hindi ako allowed lumandi during classes, masunurin ang mga kaklase ko kaya naging masunurin din ako, which wasn't a bad thing pala. Sumusunod kami dahil alam namin na kapag gumawa kami ng mali, pagbabayaran namin base sa isinasaad ng St. Benedict student's handbook.

Na-appreciate ko ang ganoong klaseng disiplina dahil hindi naman

harsh ang punishments. Hindi naman tipong ima-massacre kami `pag nagpuslit kami ng yosi sa school grounds. Pero ang pinaka-appreciated ko sa St. Benedict, hindi takot sa parents ang teachers. Hindi nakukuha sa iyak, threats, o suhol ang mga teacher namin. Natuto kaming dumiskerte kung paano kukuhanin ang loob ng mga guro para maging generous sila sa grades. Violence is not allowed. Gift giving is not allowed. Ano'ng gagawin ng baklang kamote sa Physics? Magpapakabait. Bait-baitan ang peg ko. Reyna Prisintada ako na magbitbit ng gamit ni teacher, magbura ng formula sa white boards, bumati ng good am at pm, ngumiti nang ubod tamis, magpaka-gentleman. Chivalrous din si

accla.

And guess what? Isang taon lang ako sa St. Benedict pero iyong bait-baitan ko, naging totoo na. Naging natural na sa akin na ipagbukas at paunahing lumabas ng doors ang mga teacher at girls, na ibigay sa kanila ang upuan ko, na mangatwiran in a respectful manner. Hanggang na-realize ko na lang, hindi ako takot sa mga teacher ko. I realized that I can approach them anytime and that I could tell them exactly what was on my mind. Nawala ang kapraningan ko sa authority figures. Hindi pala sila kaaway.

Kaya, "Imposible talaga," giit ko kay Jamaica. Maski iyong mga barumbadong gangster wannabe doon sa pinanggalingan kong high school,

hindi maiisipang sunugin ang school. Tinanaw ko uli ang sunog. "Ang laki ng apoy, walang estudyante ang makakagawa niyan. Para kulungin mo ang mga tao d'yan, dapat naiintindihan mo ang apoy, `di ba? Ang movement niya, saan siya mas mag-aapoy, mga ganun."

"Bumbero ang arsonist?" sabi ni Jamaica.

"Malay mo. At saka, I don't think it's the school, Aiks."

"Ang target?"

I nodded. "Baka isa dun sa attendees. Ano ba talaga event ngayon?"

"Isa lang ang target mo, dinamay mo lahat?" Pinandilatan ako ni Jamaica.

"Baka group, whatever." Ako naman ang nagkibit ng balikat.

"Let's see..." Nakatingin nga sa iPhone niya si Jamaica. "Kakatapos lang ng intrams at sem break na kaya walang mga estudyante. Pero may seminar para sa parents—"

"Soc med at bullying."

"Ba't mo alam?"

"Alam mo naman ako," sabi ko. "May mass din daw, ah?"

"Sa chapel `yon, before pa magkasunog."

"I see." Mali ang chika ni Mars Tessie Lirio.

Tinanaw ni Jamaica ang sunog. Tinabihan ko siya sa balkonahe, pareho na kaming nakadungaw.

"What if... former student?" sabi niya. "Someone... older?"

"Na naghihiganti? Kanino exactly?"

Nilinga ako ni Jamaica, kumikislap ang big, brown eyes. “Let’s find out, Mauie.”

“How?”

“I’ll get a list of all the attendees, we’ll do background check on them, see if something pops up.”

Gandang-ganda talaga ako dito kay Jamaica, para siyang young Gloria Diaz at young Tweety de Leon, kaya kandatango ako sa pagmumukha niya without thinking. Gusto ko na siyang kaladkarin sa Miss U. Ah, ako na talaga ang gagawa ng paraan para ma-discover siya ng mga pageant admin.

All rights reserved.

# CHAPTER 4

DA KUYA is dako. Pagala-gala na naman sa mansiyon na underwear lang ang suot. Hindi naman iyong whitey-whites ng mga daddies kundi boyleg na may buslo in the front at kulay midnight blue. Still, naloloka pa rin ako. Parang may kuting sa loob ng buslo ang Kuya.

"Mag pants ka nga d'yan," asik ko kay Kuya na sa tabi ko pa sa sofa umupo, kinuha ang remote at walang pakundangang brumexit sa Netflix kahit obviously ay nanonood ako ng

Wednesday, season two.

“Ang init, eh.” Dinala niya sa Prime ang tv, nag-continue watching ng Victoria Secret’s fashion show. Itinaas sa ottoman ang paa, inutusan ako. “Luto kang popcorn.”

“Ang ac natin, pang-Jollibee, bakit ka maiinitan?” Itinuro ko ang standing AC sa sulok ng salas. “Naka-jacket nga ako, o.” Humalukipkip ako to stress my point. Maginaw talaga sa kinauupuan ko dahil doon nakatapat ang big AC.

Humalukipkip din ang Kuya, enjoy sa mga babaitang pumaparada sa entablado in their underwears. “Dami mong reklamo, bakla,” sabi.

“Si Prince William ba gumagala sa palasyo na ganyan lang ang suot? Of course not. Civilized people don’t go

around the house in their undies."

"First of all, hindi ako royalty. Nagtrabaho ako maghapon. Second of all, ang popcorn?" Sabay inakbayan ako, hinapit ang leeg ko papunta sa kilikili niya na mabango naman, still, nagpumiglas ako.

"Ano ba? Kainis ka! Nanonood pa `kong Wednesday!" dabog ko.

Pinagdaop ni Kuya ang mga palad. "Popcorn please."

Nagdabog ako hanggang kusina. Pabalibag kong sinara ang pinto ang pantry, hinanap ko ang lecheng popcorn. Isinalpak ko sa microwave ang isang packet. Sa totoong buhay lang, mas asar naman ako kay self. Napakaordinaryo lang naman sa aming mga Pintakasi ang rumampa sa

pamamahay in our underwears. Noong buhay pa ang papa, nagala rin iyon na naka-briefs lang, as in, Warren, ang brief na may bulsa, very white dahil kinakarir ni Mama ang laundry that time. Si Mama rin, kapag matutulog na, T-shirt at panties lang ang suot pero jumo-join pa ako sa kanila sa kama, magpapakiliti kay Papa, magpapayakap, magpapakuwento.

Walang malisya.

Ngunit ngayon, iba na ang tingin ko sa mga bagay-bagay. Siguro ay nagdadalaga na ako talaga. Siguro ay dadatnan na ako.

Nagputukan ang corn kernels. Nag-pop din ang notifs ng messaging app sa phone ko. Tatlong messages from one person dahil si Jamaica ang taong

All rights reserved.

nakakaurat ka-chat. Hindi na lang isahin ang message, hinihiwa-hiwalay, akala ko tuloy parati, tapos na at rume-reply na ako. Mali ang reply ko kasi may karugtong pa pala ang nauna niyang message. Ano'ng klaseng tao iyon? Pupuwede bang journalist ang ganoon?

Ang chat:

*Bakla, nahanap mo si Harlene*

*Di ko mahanap*

*No socials*

Hindi ko sinagot at baka may kasunod pa. Kinuha ko ang popcorn, isinalin ko sa big bowl. Madami pang kernels ang hindi pumutok. Kiber. Kumuha na rin ako ng Coke in can sa ref at tiyak na tiyak, hihingi ang kuya. Isinilbi ko sa kamahalang may umbok ang order niya.

No more notif yet from Jamaica kaya safe na sigurong mag-reply. I typed: *Sinetch si Harlene*?

All caps ang sagot ni Jamaica pero hiwa-hiwalay pa rin:

*HARLENE TRESVALLES*

*UN FIRE VICTIM, HELLO?*

*HALIKA D2 GUBAT*

*SABUNUTAN KITA*

Sumagot ako: *Now na*?

Thumbs-up ang reply ng luka-luka. Tumingin ako kay Kuya. Kandong niya sa tiyan ang bowl ng popcorn, aliw na aliw sa mga pekpek na may pakpak sa screen. Di ko feel masyado itong show ng Victoria Secret, pare-pareho kasi ang mga babae, parang mga clone. Kunsabagay, ganoon na rin naman ang mga beauty pageants these days, wala

All rights reserved.

nang variety ang kagandahan. Parang mas nakakaaliw noong unang panahon ang pageants, iba-iba ang structures at figures ng contestants, kitang-kita kung sino ang angat at pinagpala.

Anyways, hindi ko naman maaagaw kay Kuya ang remote, si rat ferson Maying naman ay kalimutan na lang. Sumilip ako sa window. Umulan kani-kanina pero mainit na uli. Kaka-three PM pa lang. Tumayo na ako at umakyat sa kuwarto ko. I changed into a fairy, chos. Yellow shorts, pink T-shirt na may mukha ni Bini Colette, at green crocs na madaming abubot ang outfit ko.

"Peram kotse," sabi ko kay Kuya pagbaba ko uli.

"Baka ibangga mo?"

"May lisensiya na ako, oy!" Proud na proud ako doon. Tao na ako, marunong mag-drive. "Kikitain ko si Jamaica sa Gubat." Kapehan churvah somewhere in the city ang Gubat.

Itinaboy ako ng Kuya dahil nakahara ang alindog ko sa screen. Kinuha ko sa kuwarto niya ang susi ng kotse at gumora ang accla papunta sa Gubat.

THREE blocks away mula sa side gate ng St. Benedict ang Gubat. Malaking lote na walang silbi hanggang maisipan ng may-ari na mag-construct ng mga open kubo at isang coffee and pastry station along one side at, presto, may coffee shop na sila. Pawid at kawayan lang ang materyales pero bentang-benta sa mga estudyante at magjojowang limited ang

budget. Very rustic. Very malamok. Kaya si accla, may-I-slather ng anti-lamok lotion bago bumaba ng car. Naiwan—o iniiwan talaga—ng Kuya sa kotse ang Wayfarer niya kaya isinuot ko din bago rumampa sa graba.

Nasa kubo #3 si Jamaica. Nakita ko agad dahil naka-fooosha jacket si bakla. May kasama siya na nakadaster yata, hindi ko pa makita ang feslak dahil natatabingan ng rim ng cap ni Jamaica. A few more steps at nagbago ang vantage point ko, napanganga ako, sabay hubad ng antipara with matching talon-talon at tili-tili.

“Carla Melissaaaa!” Parang pusang talande ang ugoy ng puwet ko sa tuwa. “Carlaaaa! Melissaaaa!”

Tumayo na siya at sinalubong ako

habang tumitili rin. “Baklaaaaa! Na-miss kitaaaa!”

At nagyakapan kami na parang hindi nagkita nang three decades. Five months lang actually, since graduation day.

“Bakla, ano’ng ginawa mo sa hair mo?” `kako. Nang maghiwalay kami. Pixie cut na si Carla Melissa. She looked cute, actually. Nakasalamin siya ng big and round with jelly white rim at nakadaster nga—straight short dress na Spaghetti straps, `tapos pixilated na Picasso-like painting ang print. Naka-leather thong slippers siya, iba-iba ang kulay ng toenails, pati pala fingernails. Walang digits na magkapareho ang kulay. Bongga! Ginamit lahat ang kulay sa Crayola box. May mga anklet pa siya

na tali lang, iba-iba rin ang kulay.

Bilang sa school kami laging nagkikita noon, bihirang-bihira kong makita sa ordinary clothes itong si Carla Melissa, but the first time I saw her in one, nagulat ako. May tinatagong edginess si Miss Class President. Wasak-wasak ang jeans niya that time, naka-ankle boots at sando lang, pero naghikaw ng pagkalaki at pagkahabang feather.

Ngayon, dalawang bungo na kulay green ang hikaw ng hitad. "Aylayket!" Dinutdot ko ang bungo sa tainga niya. "You're so Instagrammable, bakla!"

"That's the idea. Kumusta ka na, Mauie? Buti umuwi ka na," aniya, referring to my summer blunder.

"I'm good. Ikaw? Kumusta ang

college life?" Kumukuha siya ng prelaw sa UP Manila.

"So far, so good. Na-miss ko kayo, bakla, lalo ka na." Niyakap uli ako at sabay kaming lumapit kay Jamaica na generic ang outfit kumpara kay Carla Melissa. Black leggings, white runners with white socks outside the leggings, white crop top inside the foosha jacket, black cap. Very typical, kaso nga lang, ubod ng ganda. Kung kasingganda ka ni Jamaica, hindi mo na nga kailangang maging creative sa outfits.

Nagyakapan din kami at nagbeso.

Tapos ay sinumbatan na ako. "Hindi ka man lang nagtanong-tanong tungkol kay Harlene," sabi.

"Sino ba `yon?" `kako. Naupo ako sa opposite niya, may bamboo table sa

gitna namin. Si Carla Melissa naman, sa tabi ko umupo, kumapit sa braso ko. Damang-dama ko na na-miss niya ako. Kanda-selfie—threefie na siya.

"Isa sa victims. Baklang `to..." Tonong nagtatampo si Jamaica. "May usapan tayo `di ba? We will investigate the fire."

"Oo nga. Sorry na." May mga hinihigop na silang iced coffee. "Order muna ako." Iniwan ko sila at nagpunta ako sa bar counter. Nagpagawa ako ng iced coffee at bumili ng isang box of six na cheesecake sticks. Karinderyang bukas na ang laptop ni Jamaica sa mesa pagbalik ko.

"Mag-iimbestiga ka rin?" tanong ko kay Carla Melissa.

"Curious lang. Tagadun sa `min

All rights reserved.

`yong lolo na victim, si Victor Honrade. Sixty-eight na `yon, sila na lang ng wife niya, sixties na rin. Kawawa naman."

"Wala silang kids?" Binuksan ko ang cheesecake sticks box, tumikim ako ng isa. Lasang-lasa ang Eden cheese na ibinudbod sa ibabaw at Star margarine sa dough, kaloka.

"Wala. I mean, isa lang daw, pero shegi na, matagal na. May mga apo sila na inaalagaan noon sabi ni Mother, pero nag-unalive daw `yong isa, naglayas `yong brother after that, hindi na bumalik. Ever."

"As in, nagpatiwakal? Ang bagets?" Interesting ang chika ni Carla Melissa, naubos ko ang epal na pastry kahit chipangga ang lasa. Kumuha pa ako ng isa. "When was that?"

"Mmm, mga two thousand-nine daw."

"`Yong unalive event?" paglilinaw ko.

"Yup. I remember, may narinig nga akong ganoon that time pero hindi ko alam ang details. Ang liit ko pa no'n."

"Natin. Ang liit pa natin." Kung tama ang kuwenta ko, toddler ako that time, walang kaalam-alam na isa pala akong beks.

"The question is," sabad ni Jamaica. "What was he doing at the gym? Wala naman pala silang apo sa St. Benedict, bakit nasa seminar ng bullying si Lolo Victor?" Seryoso sa advocacy ang hitad.

Tinutop ko ang dibdib ko. "Bakit parang kasalanan ko?" emote ko kay Jamaica.

"Baka napadaan lang," sagot ni Carla Melissa, sabay siya rin ang unang natawa. "Bibili lang ng bigas, ganun." Umastang ha-high five sa akin, dinedma ko. Sa likod ng ulo ko lumanding ang kamay. "Baklang `to!"

"Aray ko, ha." Hinimas ko ang ulo ko. "Abusive ka."

"Umayos nga kayo," saway ni Miss U sa amin. "We need to interview the wife. Can you arrange it, Missy?" aniya kay Carla Melissa. Missy talaga ang nickname ni Class President, but for kabaklaan reason, I preferred to call her Carla Melissa.

"I'll try. Baka kasi, alam mo na, grieving pa. Nakaburol pa nga yata somewhere."

Nagtaas ako ng kamay. "Question."

“What?” sabay pa ang mga amiga ko.

“Discounted ba ang cremation `pag… you know.” I shrugged.

Jamaica grinned sarcastically. “Let’s ask the widow, bakla, kung naka-discount siya.”

“Importante ang tanong ko, bakla.” Astang offended aketch. “Mahalagang malaman ng masa kung paano makakatipid.”

“Sige, isi-sear ka muna namin bago ka ipasok sa crematorium para mas flavorful ka,” sagot ni Jamaica.

“Samahan n’yo `ko ng rosemary, ha.”

Kumatok sa mesa si Carla Melissa. “Knock on wood.”

“Considered as wood ba ang kawayan?” sabi ko.

“It’s the thought that counts. What

we think, we become." Seryoso si Carla Melissa.

"Huh?" usal ko. "Sumali ka ba sa kulto or something?"

"I founded a group," proud na sagot ni Carla Melissa. "So far, I have twelve members. We help each other manifest our thoughts."

"As in?" Si Jamaica, parang nandiri.

Natawa naman ako. "De isipin na lang natin na solved na ang case."

"It's not as simple as that," depensa ni Carla Melissa. "We need to act if we want something, okay? It's not about just sitting there and thinking about your goals. It's doing but also believing with all our hearts that we are winners already."

"Binu-bully ka ba sa school, bakla?"

 All rights reserved. 

tanong ko. “Magsabi ka lang, lulusubin ko mga `yon.”

Carla Melissa giggled. “Thanks, Mauie, but I’m good. I don’t believe in bullies, ergo, they don’t exist.”

“Oh, shit, nabu-bully ka nga. Who hurt you? Tell us.” Dumukwang sa mesa si Jamaica.

Ngumiti si Carla Melissa. “It’s in the past now. I’m good.”

Kinalog ko ang balikat niya. “Promise me, Carla Melissa, if it happened again, you will tell us.”

“I promise, okay? Can we get back to the arson?”

“Yes, please.” Nahampas ni Jamaica ang mesa sa tuwa, `tapos ay dinuro ako. “Ikaw, same assignment. Harlene Tresvalles, okay?”

 All rights reserved. 

"Okay."

"For now, puntahan na lang natin `yong wife no'ng lolo, tutal nandito si Missy."

"Hindi ko sila kilala."

"Magpapakilala ka na tagadoon rin. Malay mo, kilala ang parents mo?"

Carla Melissa shrugged. "Okay."

"Let's go. Move. Move," Parang drill sergeant ng mga kinder si Jamaica. Masunurin naman kami.

Huminto ako sa kotse ng kuya. "Recognize our ride?" sabi ko kay Jamaica.

Tumingin lang siya sa akin, clueless. That made me smile. Meaning, hindi pa nate-take out ng Kuya ang friend ko.

"Tara na," sabi ko na lang. Sa likod sumakay si Carla Melissa kaya katabi ko

si Jamaica.

"INTONG" ang official name ng baryo, sitio, whatever nina Carla Melissa. Pero mas kilala ng mga taga-Heredia bilang Kalentong. Yisss, parang Mandaluyong lang.

"Ano `yong Intong? Kinakain ba `yon?" tanong ko.

"Mmm, puwede. Lalo na sa `yo," sagot ni Carla Melissa, may kasamang tawa.

Gets ko naman agad. "Ay, boylet?"

Nag-history lesson si Carla Melissa. "Bayani `yon, bakla. Heneral. Katropa ni Andres si Vicente 'Intong' Leyba. Itong place namin, one of the battle sites against Spanish soldiers.

Pinagtanggol daw ni Ka Intong itong place kaya adopted son siya ng Heredia, gets?"

"Gets," sagot ko.

"At noon daw sanggol pa ang republika, itong Kalentong ang poblacion talaga."

"Anyare? Na-demote?" `kako.

"Oo, politics na rin, kasi nilipat ang palengke, bus station, mga ganun, doon sa property ng pamilya ng mayor noon. Nawala sa Kalentong ang center of commerce."

"`Tas ngayon, pinakyaw na ni Cynthia," sabi ko dahil kabilaan ng kalsada, subdivision na mukhang hirap sa tubig—may tarp sa gate: WATER TRUCK SCHEDULE: 4:00AM SUNDAY; 6:00PM WEDNESDAY

"Wala kayong tubig, Missy?" tanong ni Jamaica.

"Luckily, meron. Hindi kami under ng provider ng mga `yan kasi hindi pa nagpapasakop kay Cynthia ang angkan namin."

"Oo nga. Sana `wag na," sabi ko.

"We don't know. Kasi dun sa dulo neto, dine-develop na rin. Nauubos na ang mga original settlers, no choice na kung hindi ibenta ang mga lupa. May iba pa kasing developers na namamakyaw. Gumagawa na nga ng bypass road somewhere out there. Dati famous kami sa atis, ngayon, wala nang nagtatanim. Konti na lang ang may puno ng atis. `Yong sa `min nga, patay na. Kasi `yang atis, hindi siya productive forever kaya need pala

magtanim nang magtanim, dahil after five or more years, hindi na bubunga."

"Ah, kailangan siyang palitan ng new tree," tango ko.

"Oo raw."

"Hmm." Kaya pala tuwang-tuwa ang Mama kapag nakakabili ng atis. May atis shortage na pala.

Lumampas na kami sa mga subdivision na walang water, pumasok na kami sa teritoryo ng mga original settlers. Samutsari ang mga kabahayan. May mukhang mansiyon na modern, merong mansiyon noong kasikatan ni Manilyn Reynes; mayroon ding lumang-luma na at tabingi. Then, the usual, mga sari-sari store, basketball court, chapel.

"`Yan ang sa `min!" turo ni Carla

Melissa sa chapel.

"May simbahan kayo?" Sabay pa kami ni Jamaica.

"Wala na `yan, hindi na nagma-mass d'yan. Parang ano, pinagamit ng mga lolo ko noon ang lupa para magkaroon ng chapel dito. `Tapos, namatay ang Lolo, nagka-issue, ganun. Ngayon, ganyan, nakatengga. Natatakot si Mama na ipagiba, baka raw malasin kami."

"Ibenta n'yo kay Cynthia para sila ang malasin," sabi ni Jamaica.

"So, compound kayo?" Malawak ang lupain nina Carla Melissa. May nasisilip akong parang apartment building sa bandang likod ng main house. Nagmenor ako. "Bababa ba tayo dito?"

"Mamaya na, punta muna tayo dun sa lola."

Na ayon sa titang ka-chat ni Carla Melissa ay nasa purok tres, malaking bahay, black gate, may avocado tree sa harap. Who needs Google map kung may tita ka?

***Buy books here:***

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

Tiktok.com/WhimsicalBooksPh

***Listen to FREE audiobooks:***

YouTube.com/@AlabStories

***You may download book previews here.***

*Thank you for supporting indie writers!*

## Other Rose Tan Books from Whimsical

***Skip Chronicles***

Hot and Bothered

Fast and Curious

Dazed and Confused

Bride in a Box (Volume 2)

***Cheatin' Charley Cougar Mystery Files:***

Torn Between Two Murders

Just Murdered

Four Better or Worse

Commission Impossible

Song of Lorelei (spin-off)

***Manifestos de las Titas***

Tita Mia!

Freaky Tita

***Binibini Series***

Michiko

***Mauie (Ang Bakla)***
Ang Bakla sa Bintana
Ang Bakla sa Azotea

***Maty Go***
***Mga Misteryo ng Galak Trilogy***
Ang Hiwaga ng Lost and Found
Ang Nawawalang Kaibigan ni Matilde
Ang Lihim na Tagahanga ni Fernando
The Deadly Drafts (*Maty* Go *Mystery*)

**Stand-alones**
Dead Over Heels
Caught Dead-Handed
Tasya Fantasia
The Hand that Rocks
the Cradle Folds the Laundry
Hexterical
Lies of Summer
My Bumbling Bee
CEO Hires a Wife
Bakit Walang Serial Killer sa Pilipinas?
The Ghost of You & Pipay's Revenge